



# Ibang Klase sa QC

NEWSLETTER



## Bakit Ibang Klase sa Quezon City?

Kasabay ng maraming pagbabago dala ng COVID-19 sa ating pamumuhay, marami din pagbabago na hindi inaasahan ang ating dinaranas sa larangan ng edukasyon. Iba-ibang pagsubok, iba-ibang hamon ngunit nanatili ang ating layunin, na hindi matitigil ang pagkatuto ng mga mag-aaral.


pamahalaan ang mga pangangailangan para mapagpatuloy ang serbisyong pang-edukasyon para sa mga kabataan kasama ang mga punong guro, mga guro at mga magulang. Sa unang edisyon ng newsletter na ito, ilalahad ang mga pangarap, plano, programa, mga tao at organisasyon na kapit-kamay na itinataguyod ang edukasyon sa Lungsod Quezon.



Sa Quezon City, sa pangunguna ng Punong Lungsod, Joy Belmonte kasama ang QC Local School Board at Schools Division Office, agaran ang naging aksyon upang matugunan ang mga pagsubok ng "new normal" at pagpapatupad ng Blended Learning ng Kagawaran ng Edukasyon. At bagama't inaasahan na hindi magiging madali, sinikap tugunan ng lokal ng

Iba man ang anyo ng pag-aaral, iba man ang pamamaraan ng pagkatuto, iba man sa kinagawian, isa ang ating sinisiguro, basta para sa edukasyon, Ibang Klase sa Quezon City.

Ang isyu na ito ay una sa maraming serye ng balita patungkol sa mga programa ng lungsod para sa Edukasyon.



Ang Quezon City ay ang isa sa may pinaka maraming mag-aaral sa buong Pilipinas. May higit **589,735** estudyante sa pribado at pampublikong paaralan sa elementarya at high-school.



**448,208**

Total Number of Public School Students as of December 12, 2020



**259,092**  
Elementary



**27,111**  
Senior High School



**159,650**  
Junior High School



**2,355**  
SPED (Non-Graded)



## Pagpapatuloy ng Edukasyon sa Lungsod Quezon (Impact by the numbers)

Bilang paghahanda sa mga pagbabagong hatid ng new normal sa edukasyon, ang lokal na pamahalaan ng Quezon City ay naglaan ng mga programang sumusuporta sa pagpapatuloy ng edukasyon sa lungsod. Isinaalang-alang sa pagpapatupad ng mga programang ito ang Learning Continuity Plan ng DepEd Schools Division Office – Quezon City, ang hinaharap na krisis na pangkalusugan, pati na rin ang mga limitasyong pinansyal dulot ng kinakaharap na pandemic.



**176,000**  
Tablets




**176,000**  
Sim with 10GB  
Data Allowance



**254,707**  
Learning Kits



**430,438**  
Hygiene Kits



**6.875M**  
Self-learning  
modules



**Photocopiers  
at supplies**  
para sa lahat ng  
pampublikong  
paaralan



**8,000**  
Laptop Units  
for QCU  
Students



**250**  
laptops for  
QCU Faculty



**8,791**  
units of wifi  
Modem and  
SIM with P1,000  
monthly load para  
sa mga guro



**3,210**  
laptops na  
magagamit  
ng ating mga  
guro

Ilan lamang ang mga programang ito ang sumusuporta hindi lamang sa ating mga mag-aaral kundi pati na rin ang mga magulang, guro, at paaralan sa lungsod sa pagpapatupad ng patuloy at ligtas na edukasyon ngayong school year.




## QC Basic Education Development Plan 2020-2023

Noong Nobyembre 2019, pinangunahan ng Education Affairs Unit, sa pakikipagtulungan sa Schools Division Office, ang pagsasagawa ng Quezon City Basic Education Workshop. Ang workshop ay nagsilbing plataporma upang mapag-usapan ang mga pangunahing hamon na kinakaharap ng sektor ng edukasyon. Nagkaroon din ng pagkakataon na magkaroon ng diskusyon kung ano ang mga posibleng solusyon sa mga hamon na ito. Dinaluhan ito ng mga mag-aaral, magulang, guro, non-teaching personnel, principals at mga opisyal ng Schools Division Office, barangay at lokal na pamahalaan. Umabot sa 131 ang nakilahok sa gawaing ito. Sa workshop na ito nabuo ang Quezon City Basic Education Development Plan na siyang magsisilbing gabay sa lokal na pamahalaan para sa pagpopondo at pagpapatupad ng mga programa sa edukasyon sa loob nang tatlong taon.



## QuaranTalks QC

Bilang paghahanda sa pasukan, inilunsad ng Quezon City Government ang kaunang QuaranTalks QC: A Webinar Series for Parents as Stakeholders in Education noong Setyembre sa pakikipagtulungan ng Schools Division Office - Quezon City at PTA Federation ng lungsod. Ang QuaranTalks QC ay nagsilbing plataporma para sa karagdagang kaalaman, pagbabahagi ng mga gawain na makatutulong sa paghahanda sa pasukan, at para masagot ang mga agam-agam tungkol sa panibagong paraan ng pagkatuto. Nagsilbing kalahok sa talakayan ang mga piling konsehal ng mga distrito ng Quezon City, kinatawan mula sa iba't ibang sangay ng pamahalaan ng lungsod, pati na rin ang mga magulang na nagbahagi ng kanilang mga ideya, katanungan, at komento. Maaaring mapanood ang mga nakaraang online episodes ng QuaranTalks QC sa Facebook page ng Quezon City Government at Schools Division Office - Quezon City.



## What Kids Should Know about QC Online Launch


Kasabay ng pagpapatupad ng Community Quarantine, inilunsad ng Lungsod Quezon ang librong What Kids Should Know about Quezon City sa pamamagitan ng isang Essay Writing Contest.

Inilatlahala sa tulong ng Adarna Publishing House, ang libro ay naglalayong magbigay kaalaman sa mga kabataan tungkol sa makulay na kasaysayan ng Lungsod. Layunin din nito na magbigay inspirasyon at palalimin ang kamalayan ng mga kabataan sa mga kuwento ng mga tao, kaganapan at kasaysayan ng Quezon City.



## Incentives para sa Top Graduating Students at Joy of Public Service Awardees

Pinarangan ng pamunuang lungsod sa pangunguna ni Mayor Joy Belmonte ang mga Senior High School graduating students sa Quezon City public schools na may highest general grade average. Ang may 3rd highest general average ay tumanggap ng P4,000 bawat isa, ang mga may 2nd highest general average ay tumanggap ng P6,000 bawat isa, at ang mga nagtamo ng highest general average ay tumanggap ng P10,000 bawat isa.



Bukod dito, pinagkakalooban din ng P10,000 ang 40 students na nagpakita ng kakaibang pagmamalasakit sa mga social issues at katangi-tanging leadership sa kani-kanilang paaralan.



## J. Amado Araneta Foundation Scholarship and Learning Hub



Ang J. Amado Araneta Foundation (JAAF), social development arm ng Araneta City, ay naggawad ng 4-year scholarship grant sa 34 senior high school graduates mula sa mga pampublikong paaralan ng Lungsod Quezon. Sa ilalim ng programa, makakatanggap ang scholars ng allowance kada-semester bilang suporta sa kanilang pag-aaral sa kolehiyo.

Isa rin sa naging programa ng JAAF ay ang Learning Lab sa Gateway Gallery na matatagpuan sa Gateway Mall, Cubao. Ayon sa (JAAF), ang Learning Lab na ito ay para suportahan ang mga guro at mga mag-aaral sa lungsod Quezon habang ipinatutupad ang distance learning. Maari itong puntahan ng mga nangangailangan ng tahimik na lugar na mayroong internet connection upang mag-aral, manaliksik, magsagawa ng takdang aralin, at dumalo sa online classes. **Gateway Gallery Learning Lab**  
**Contact: +63 2 8588-4000 local 8300**

#1QCU... the number 1 local university of employable graduates. Ang kilalanin ng Commission on Higher Education (CHED) bilang ganap na local university, ang magsusulong sa ating pamantasan upang marating ang ating adhikain ng mahusay at de-kalidad na edukasyon para sa kabataan ng lungsod Quezon. Ito ay ilan sa mga layunin ni **Dr. Theresita V. Atienza, President Quezon City University**



## ALAM MO BA?

### Ano ang SEF?

Ang Special Education Fund o SEF ng isang lokal na pamahalaan ay karagdagang pondo para sa mga pangangailangan ng mga pampublikong paaralan ng isang lokalidad. Ang SEF ay galing sa karagdagang isang porsyento (1%) sa tinatayang halaga ng taunang buwis sa real property. Ayon sa R.A. 7160, ang SEF ay maaaring ilaan sa mga sumusunod.



Operasyon at pagpapanatili ng pampublikong paaralan



Paggawa o pagsasaayos ng mga gusali ng pampublikong paaralan



Mga pasilidad at kagamitan



Pananaliksik o research sa edukasyon



Pagbili ng mga libro, peryodiko, at iba pang kagamitan sa pagtuturo at pag-aaral



Pagpapaunlad ng sports

**Dagdag pa rito, ang mga sumusunod ay maaari rin paglaanan ng SEF**



Mga programa para sa Early Childhood Care and Development (R.A. 10410)



National Feeding Program para sa mga batang kulang sa nutrisyon sa mga public day care, kindergarten at elementary schools. (R.A. 11037)

### Ano ang School Board?

Ang Local School Board ay binubuo nila Hon. Ma. Josefina G. Belmonte (City Mayor), Dr. Jenilyn Rose Corpuz (Schools Division Superintendent), Mr. Edgar T. Villanueva (City Treasurer), Hon. Irene R. Belmonte (Chairperson, Committee on Education, Science and Technology), Hon. Noe Lorenzo Dela Fuente III (President, Sangguniang Kabataan Federation), Atty. Wade Latawan (President, Non-Academic Personnel of Public Schools Association), Mr. Kristhean A. Navales (President, QC Public School Teachers Association), at Mr. Fernan Gana (President, QC Federation of Parents - Teachers Associations.)

Sa pangunguna ng Local School Board, ang paggamit ng SEF ay nakabatay sa mga prayoridad ng lokal na pamahalaan at Department of Education (DepEd) kung saan isinasaalang-alang ang datos ng lungsod tulad ng enrollment ratio, distansya at lokasyon ng mga paaralan, performance, drop-out rate, at iba pang mahahalagang datos kaugnay ng pagpapaunlad ng edukasyon.

[quezoncity.gov.ph](http://quezoncity.gov.ph)

[qceservices.quezoncity.gov.ph](http://qceservices.quezoncity.gov.ph)

[depedqc.ph](http://depedqc.ph)

QCGov

qcpu1994

depedqc



Nilathala ng QC Education Affairs Unit